Mga Paraan sa Contactless Cup

TALA: Pinapalitan ng mga pamamaraang ito ang Mga Paraan sa Contactless Cup na nalathala sa Patnubay sa By-law ng Single-Use Item (Hulyo2021).

Gamit ng mga cafe at restaurant sa buong mundo, ang mga pamamaraang ito ay naglalarawan sa mga ligtas na pamamaraan sa pagtanggap at pagpuno ng mga reusable cup ng mga kostumer sa panahon ng COVID-19, at pinapayagan ng Vancouver Coastal Health.

Paraan sa Contactless Cup 1

Step 1 Aalisin ng kostumer ang takip at ilalagay ang malins nilang reusable cup sa designadong tray o sa ibang lalagyang nilaan ng staff.

Step 2 Ililipat ng staff ang tray o lalagyan kung saan ihahanda ang inumin nang hindi nahahawakan ang cup ng kostumer.

Step 3 Nang hindi nahihipo ang cup ng kostumer, ibubuhos ng staff ang naihanda nang inumin sa reusable cup ng kostumer.

Step 4 Dadalhin ng staff ang tray (o container) kung nasaan ang cup ng kostumer sa countertop kung saan makukuha ito ng kostumer.

Step 5 Huhugasan ng staff at isa-sanitize nang madalas ang mga tray at lalagyan at/o sa anumang oras kapag ang kontaminasyon ng kagamitan ay maaaring naganap. Sundin ang mga pamamaraan na nakabalangkas sa inyong plano sa kaligtasan at sanitasyon ng pagkain.

Paraan sa Contactless Cup 2

Step 1 Ihahanda ng staff ang inumin sa maliit na jug o reusable cup na ginagamit sa pagbubuhos.

Step 2 Nang hindi hinihipo ang cup ng kostumer, ibubuhos ng staff ang naihanda nang inumin sa reusable cup ng kostumer.

Step 3 Huhugasan ng staff at isa-sanitize nang madalas ang jug o cup na ginamit sa pagbuhos at/o sa anumang oras kapag ang kontaminasyon ng kagamitan ay maaaring naganap. Sundin ang mga pamamaraan na nakabalangkas sa inyong plano sa kaligtasan at sanitasyon ng pagkain.